Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

7:6
9-6-11

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 23, 2011, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 216-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY BAGUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T ANIM NA LIBO ISANGDAA'T LIMANG PISO AT APATNAPU'T ANIM NA SENTIMOS (P66,105.46) MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN UPANG ILAAN PARA SA GASOLINE, OIL AND LUBRICANTS EXPENSES (P46,105.46); AT SA ELECTRICITY EXPENSES (P20,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 88-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2011 na nagpapatibay ng halagang P66,105.46 mula sa balanseng walang pinaglalaanan upang ilaan para sa Gasoline, Oil and Lubricants Expenses (P46,105.46) at sa Electricity Expenses (P20,000.00) ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar (Kasapi ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., Laura P. Obligacion, Jun M. Asinas at Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Bagumbayan na nagkakahalaga ng P66,105.46 mula sa pondo sa Balanseng walang pinaglalaanan upang ilaan sa Gasoline, Oil and Lubricants Expenses (P46,105.46) at sa Electricity Expenses (P20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 23, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan